

# EARTHQUAKE WARNING CALIFORNIA: MGA HAKBANG PARA MAGHANDA



HUWAG HAYAAN KAYONG  
MAGULAT SA MGA PAG-LINDOL  
I-DOWNLOAD ANG LIBRENT MYSHAKE  
APP NGAYON



DON'T GET  
CAUGHT OFF  
GUARD

## 1. Earthquake Warning California

Hindi pa rin mahulaan ng mga siyentipiko ang mga lindol, pero salamat sa bagong teknolohiya, mga indibidwal at organisasyon na pwedeng potensyal na tumanggap sa ilang segundo ng babala para makagawa ng angkop na mga pag-iingat para sa kaligtasan bago mangyari ang lindol. Ginagamit ng Earthquake Warning California ang California Integrated Seismic Network, na isang samahan sa pagitan ng Cal OES, United States Geological Survey (USGS), US Berkeley, ang California Institute of Technology, at ang California Geological Survey. Gumagamit ang system ng mga sensor sa paggalaw ng lupa para matukoy ang mga lindol na nagsisimula na at matantya ang kanilang sukat, lokasyon, at epekto. Kapag ito ay makatukoy ng makabuluhang magnitude, ang sistema ay mag-iisyu ng mensahe sa ShakeAlert, na magbibigay ng babala bago magsimula ang pagyanig.

Pwedeng mangyari ang lindol sa California anumang oras. Naninirahan ka man o bisita, kailangan mong tumugon ng mabilis para mabawasan ang mga pinsala o panganib. Sa panahon ng lindol, pwedeng ma-block ang mga ruta sa paglalakbay, ang dumadaloy na gas o tubig ay maaaring makumpromiso ang kaligtasan, at maaaring limitado ang access sa teknolohiya. Kritikal ang paghahanda.

Isinulat ng California Governor's Office of Emergency Services (Cal OES) ang sheet ng tip na ito na may kasamang mapagkukunan para sa paghahanda sa lindol. Paki-share ang impormasyong ito at himukin ang iba pa sa iyong komunidad na makibahagi sa pagpapalano para sa emerhensya. Ang mas higit na mapagkukunan ay available sa [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov).

Para makatanggap ng mga babala ng lindol, pwedeng i-download ng mga indibidwal at miyembro ng pamilya ang MyShake App at siguraduhing naka-adjust ang mga setting ng telepono para makatanggap ng mga alerto ng emerhensya kasama ang:

- **Wireless Emergency Alerts (WEAs):** Walang bayad na mga mensahe sa text para sa mga sitwasyong emerhensya (magnitude 5.0 o mas mataas at pagyanig na Modified Mercalli Intensity IV);

- **MyShake App:** Ang libreng app sa smartphone na nagbibigay sa mga user ng iPhone at Android na may mga babala na audio at visual (magnitude 4.5 o mas mataas at mga pagyanig na Modified Mercalli Intensity III). Available sa mga store ng Apple App at Google Play; at

- **Mga Android Earthquake Alert:** Los teléfonos Android con sistema operativo actualizado son suscritos automáticamente a Android Earthquake Alerts, la cual usa la misma tecnología que MyShake App.

## Mga Pakinabang at Paggamit

---

Maaaring makinabang ang karamihan sa mga negosyo sa California mula sa epektibong sistema ng babala sa lindol, kinakatawanan ng mga negosyo na nagpapatakbo ng mga posibleng delikado (hal. matindi ang init na mga pakuluan, pagkilos ng mga mabibigat na kagamitan) o mapanganib na mga kagamitan sa mga pasilidad (hal., ginagamit na kemikal / imbakan) na nagpapakita ng likas na napakadelikadong kapaligiran sa trabaho kung saan ang isang matinding lindol ay maaaring palakihin ang panganib na mapinsala/makapatay ng empleyado at pinsala sa ari-arian. Isang dahilan sa kaligtasan ng mangagawa sa lahat ng mga negosyo sa California, at paghahadlang sa mga pinsala at pagkamatay ang pangunahing benepisyo ng Earthquake Warning California.

Bukod pa rito, maaaring awtomatikong ilagay ng mga negosyo na nagpapatakbo ng sensitibo at mapanganib na kagamitan/makinarya ang mga kagamitan o makinarya, para mahadlangan ang hindi inaasahang pagpakawalan ng mga mapanganib na materyales.

Mga benepisyo ng Earthquake Warning California:

- Iwasan ang mga pinsala sa mga manggagawa.
- Iwasan o mabawasan ang pagkasira sa sensitibo at mapanganib na kagamitan.
- Magbigay ng babala sa mga manggagawa na dumapa, magtago, at mag-antabay at iwasan ang mga mapanganib na lugar.
- Iwasan ang may kahabaang pagpapagaling o pag-recover at mga period ng downtown.
- Mapigilan ang magkumpuni o mag-recalibrate ng kagamitan
- Maiwasan ang nawawalang oras sa pagpapatakbo na kailangan sa pag-hire at pag-sasanay sa mga kapalit na manggagawa
- Mapigilan ang nawawalang downtime sa pagpapatakbo at pagkalugi
- Mapigilan ang posibleng pagpapakawala at kasunod na paglilinis ng mga mapanganib na materyales

## Ihanda ang Mga Negosyo at Empleado

---

Pwedeng makatulong ang maingat na pagpapalano para masiguro ang kaligtasan ng mga empleyado at customer kung may mangyaring lindol. Sa ibaba ang limang tip na pwedeng tumulong sa proseso sa paghahanda:

### 1. 1. Kilalanin ang Mga Panganib at Peligro

Sa pamamagitan ng pagkilala sa posibleng mga panganib na natukoy sa bawat negosyo, mas naiintindihan ng mga namumuno sa negosyo kung paano maghahanda at maiiwasan ang mga panganib ng lindol Halimbawa, anong mga uri ng kagamitan o proseso ang pwedeng magpakita ng isang posibleng banta sa sitwasyon ng lindol? May "Safe mode" ba na pwedeng awtomatikong mabubuksan kapag may nangyaring lindol? Naka-bolt ba ang mga kagamitan sa opisina? Suriin ang mga panganib nang maaga at madalas bilang bahagi ng regular na plano ng pagpapatakbo ng negosyo. Ang isa sa mga hakbang ay para makilala ang mga potensyal na peligro at panganib. I-survey ang lugar at ari-arian, sa loob at sa labas.

### Potensyal na Mga Panloob na Panganib:

- Kalagin ang mga istante
- Mga lalagyan ng file at ibang pang malalaking kasangkapan sa bahay na hindi tinutornilyo o inaangklahan sa sahig o mga stud sa pader
- Mabibigat o marurupok na bagay sa matatas na istante o patungan ng mga libro.
- Hindi pag-back up ng mga data sa computer at/o hindi pag-store ng data sa offsite.
- Mga bahagi ng di-istruktura (hal., mga bahagi ng arkitektura, magagaan na kasangkapang pang-kabit, lalagyang imbakan, pampainit ng tubig, HVAC na kagamitan, mga tubo)

### Potensyal na Mga Panlabas na Panganib:

- Ang negosyo na nakapwesto sa malapit sa riles ng tren, paliparan, malawak na daanan, o iba pang pangunahing imprastruktura ng transportasyon.
- Nasirang mga linya ng kuryente o levee
- Hindi magandang imprastruktura ng gusali (hal., mga kongkretong gusali, hindi pinatibay na masonerya, malambot na pagsasaayos ng palapag, tabinging mga pader)

## **2. Kabilang ang Mga Babala ng Lindol sa Pagiging Handa sa Emerhensya at Planong Pagpapagaan.**

Dapat kasama sa mga plano ng pagiging handa ng negosyo ang panukala sa pagprotekta sa kaligtasan ng lahat ng empleyado at kahit sinong mga customer, taong tagapaghatid, o iba pang indibidwal na nasa site. Suriin ang mga aktibidad ng hindi pang-istrukturang pagbabawas (hal., pag-secure ng mga istante, pag-angkla ng mga filing cabinet, awtomatikong mga fire sprinkler) at panganib ng istruktura (hal., pagpapatibay ng mga pader, na-angklahang sistema ng bubong) para matiyak kung saan pwedeng gawin ang pagpapabuti. Siguraduhin na angkop na namarkahan ang lahat ng labasan ng emerhensya at naa-access sa lahat ng oras. Kung posible, kilalanin kung paano ilalagay sa safe mode ang makinarya na pwedeng lumikha ng malaking pinsala.

## **3. Mag-schedule ng Pagsasanay sa Mga Drill.**

Dapat na naaangkop na bihasa ang lahat ng empleyado sa pamamagitan ng pagsasanay ng mga drill. Magbibigay ng mga oportunidad ang mga pagsasanay na ito para masagawa kasama ng mga partner sa komunidad at makilala ang mga puwang o kahinaan ng kasalukuyang mga plano sa emerhensya. Siguraduhing alam ng mga empleyado kung anong mga pagkilos ang gagawin sa opisina man, bodega, nagtatrabaho sa bahay, o sa daan, o sa labas.

## **4. I-download ang MyShake App o I-adjust ang Mga Setting ng Telepono.**

La aplicación MyShake, Android Alerts y las WEA pueden complementar los sistemas de advertencia existentes y dar a los empleados tiempo para ponerse a cubierto antes de que empiece el temblor. Las empresas que suministran teléfonos a sus empleados deben considerar medidas para garantizar que se pueda activar una advertencia en una situación de emergencia, como configurar los ajustes de ubicación del teléfono para que esté "siempre encendido". Para las empresas que no suministran teléfonos, considere la posibilidad de proporcionar información sobre cómo descargar la aplicación MyShake, o habilitar Android Alerts o WEA para todos los empleados.

## **5. I-share ang Impormasyon.**

Paalalahanan ang mga empleyado na pwedeng dumating anumang oras ang mga natural na sakuna sa California. Maaaring mabawasan ang pinsala o nakamamatay na panganib kung ang mga indibidwal ay nakahanda at alam ang naaangkop na mga gagawing hakbang sa panahon at pagkatapos ng lindol. Paghihimok sa ibang mga negosyo sa komunidad na bumuo ng isang planong pagiging handa sa emerhensya na tutulong sa pagprotekta at pagbuo ng isang matatag na komunidad.



**EARTHQUAKE  
WARNING  
CALIFORNIA**

### **Para sa Higit na Impormasyon:**

Pinapangasiwaan ng Cal OES ang Earthquake Warning California Nagbibigay ito sa mga indibidwal, organisasyon, at komunidad ng madaling ma-access na babala sa lindol, at impormasyon tungkol sa pagiging handa sa emerhensya, at mga mapagkukunan. Para sa mga pinakabagong balita at mapagkukunan, bisitahin ang [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov). Magpadala ng mga katanungan o mga komento sa fact sheet na ito sa [earthquakeinfo@caloes.ca.gov](mailto:earthquakeinfo@caloes.ca.gov).

Para sa impormasyon, mga katanungan, o mga komento na may kinalaman sa fact sheet na ito, esumulat sa Cal OES sa: [earthquakeinfo@caloes.ca.gov](mailto:earthquakeinfo@caloes.ca.gov).